



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5



*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5:

## **Naipaliwanag ang Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato (Katutubong Muslim) sa Pagpapanatili ng Kanilang Kalayaan**



Name of Learner: ____________________

Grade & Section: ____________________

Name of School: ____________________

**Araling Panlipunan – Pangalawang Baitang**
**Ikaapat na Markahan Markahan – Modyul 5: Naipaliwanag ang Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato (Katutubong Muslim) sa Pagpapanatili ng Kanilang Kalayaan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Cristina P. Espejo | |
| **Editor:** | Wilfredo A. Ello | |
| **Tagasuri:** | Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | Wilvin H. Inding | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan Jr. | -Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |


**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Matututunan mo sa modyul na ito kung paano ipinaglaban ng mga Muslim ang kanilang kalayaan, na higit na katanggap-tanggap para sa kanila ang sultanato kaysa kolonyalismo. Binalaan ni Kudarat ang mga datu na hindi magpadala sa matatamis na salita ng mga Espanyol, at kung ano ang mangyari sa kanilang kapalaran sa oras na mapasailalim sila sa mga mananakop na Espanyol.

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito ay inaasahang maipaliliwanag ang pananaw at mga paniniwala ng mga sultanato tungkol sa kalayaan.



# *Subukin*

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa patlang sa labas ng bawat bilang.

_____1. Ang Sultanato ay isang Sistema ng pamahalaan na batay sa katuruan ng _____

A. Islam
B. Animismo
C. Katoliko
D. Judismo

_____2. Maging malaya lang ang Pilipinas kung _____

A. nasa kamay ng mga Espanyol
B. susunod ang mga Muslim sa kagustuhan ng mga mananakop
C. ibenta ang Pilipinas sa ibang bansa
D. hindi na ito gambalahin ng mga dayuhan

_____3. Ito ay banal na digmaan laban sa mga Espanyol.

A. Jihad
B. Salat
C. Digmaang Moro
D. Thirty Years of War

_____4. Damdamin ito ng pagmamahal sa bayan. Ano ang tawag nito?

A. Katolisismo
B. Animismo
C. Nasyonalismo
D. Merkantelismo

_____5. Isa sa mga sumusunod ay salik sap ag-usbong ng *nasyonalismo.*

A. Mga Katoliko
B. Mga Subanen
C. Mga Igorot
D. Mga Ilustrado

_____6. Ang kalakalan ay tumatagal hanggang sa panahon ni _____

A. Magellan
B. Legazpi
C. Villalobos
D. Villegas

_____7. Ano ang nangyari ng buksan ang pamilihan ng Maynila?

A. Dumami ang mga pasaway
B. Dumagsa ang mga mananampalataya
C. Dumami ang mga mag-aaral
D. Dumagsa ang mga mangangalakal

_____8. Ano ang ibig sabihin ng *liberalismo*?
A. kaisipan tungkol sa kalayaan
B. kaisipan tungkol sa pangungolekta ng utang
C. kaisipan tungkol sa relihiyon
D. kaisipan tungkol sa pakikipaglaban

_____9. Sila ang tinatawag na mga *ilustrado*, sino sila?
A. Sila ang mga anak ng mga katutubo na nag- araro sapalayan
B. Sila ang mga anak ng mga Pilipino na nakapag-aral sa Espanya
C. Sila ang mga anak ng mga Amerikano na nag-aaral sa Amerika
D. Sila ang mga anak ng mga Espanyol na nakipag-away sa mga Pilipino

_____10. Noong 1863, sa anong relihiyon nakatali ang edukasyon?
A. Katolismo C. Protestante
B. Animismo D. Pagano

# Aralin 3 Naipaliliwanag ang pananaw at paniniwala ng mga sultanato (Katutubong Muslim) sa pagpapanatili ng kanilang kalayaan

Sa araling ito ay mauunawaan mo kung paano naipaliliwanag ang mga pananaw at paniniwala ng mga katutubong Muslim tungkol sa pagpapanatili ng kanilang kalayaan.



## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang bawat pahayag. Lagyan ng **tsek ( / )** ang patlang kung ito ay nagsasaad ng katotohanan at **ekis ( X )** naman kung hindi ito nagsasaad ng katotohanan.

_____1. Ang *divide and rule policy* ay naglalayon na pagwatak-watakin ang mga katutubo upang hindi sila magkaisa laban sa mga Espanyol.
_____2. Ginamit ng mga Espanyol ang Kristiyanismo upang mapasailalim sa kanilang kapangyarihan ang Pilipinas.
_____3. Nagtagumpay ang mga Espanyol sa kanilang misyong binyagan sa Kristiyanismo ang mga Igorot.
_____4. *Reduccion* ang tawag sa patakaran ng sapilitang paglipat ng tirahan ng mga katutubong Filipino.
_____5. Dala ng mga Tsino ang relihiyong *Kristiyanismo* sa bansa.

# Tuklasin

**Panuto:** Maglaro ng *Loop- A- Word.* Bilugan sa loob ng kahon ang salitang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Sa ilalim ng pamahalaang ito hindi sapilitang ipinasailalim sa kapangyarihan ng sultan ang mga datu at rajah.

| |
|---|
| PVSTRINAHNQ |
| KSULTANATOB |
| PRMAHCNSIGZ |

2. Sa pamahalaang ito sila ang Pinakamakapangyarihang pinuno ng bansa.

| |
|---|
| ZNTSHENERVIP |
| SCNATRIHMSU |
| KZNESPANYOL |

3. Mahalaga na mapanatili ito para sa mg katutubong Muslim.

| |
|---|
| KALAYAANSMH |
| KABTNJISAKIRO |
| KPHNIZENISKTR |

4. Para sa mga katutubong Muslim ito ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring paraan ng pamumuhay.

| |
|---|
| KNPTMSHASGR |
| RTASHONMBVC |
| ISLAMHNTRSFJ |

5. Ito ay masasayang lang kung masasailalim ang mga Muslim sa kapangyarihan ng mga Espanyol.

| |
|---|
| BKHIANSOZIRH |
| MPKAUNLARAN |
| NRAKATSHIMO |


# Suriin

Mahalaga sa mga Muslim na mapanatili ang kalayaan, lalo na sa aspekto ng relihiyon. Para sa kanila, ang Islam ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring paraan ng pamumuhay. Ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ay umiinog sa pagsamba kay Allah. Ang kanilang mga paniniwalang panrelihiyong gaya ng salat o pagdarasal ng limang beses sa isang araw ay manganganib na mawala. Bukod dito, dinatnan ng mga Espanyol ang mga Muslim na may matatag at malakas ng mga sultanato at may mabuting ugnayan sa Brunei at Indonesia kung kaya't malakas ang loob ng mga sultan na labanan ang mga Espanyol. Kung masasailalim sila sa kapangyarihan ng mga Espanyol ay masasayang lamang ang kaunlaran at katatagang tinatamasa ng kanilang mga sultanato at ang kalayaan nila sa paniniwala.

Higit ding katanggap-tanggap ang sultanato kay sa kolonyalismo dahil sa ilalim ng sultanato, hindi sapilitang ipinasailalim sa kapangyarihan

ng sultan ang mga dating datu at rajah. Sa halip, kinilala ang kanilang kapangyarihang mamuno sa kani-kanilang teritoryo kasabay ng pagkilala nila sa kapangyarihan ng sultan. Sa ilalim ng kolonyalismo, tanging ang mga mananakop na Espanyol ang kikilalaning pinaka makapangyarihang pinuno ng bansa.

Mahihinuha mula sa talumpati ni Kudarat sa mga datu na nagpasailalim sa kapangyarihan ng mga Espanyol kung bakit hindi nila dapat pinahintulutan ito. Sa nasabing talumpati, tinanong ni Kudarat sa mga datu kung nababatid ba nila kung ano ang ibig sabihin ng pagpapasakop sa mga Espanyol. Hinikayat niya ang mga ito na suriin ang mga pangkat na nagpasailalim sa mga Espanyol, gaya ng mga Bisaya at mga Tagalog, at kung paano sila inaalipin ng mga dayuhan. Ipinaliwanag niya kung paanong ang kanilang kapalaran ay matutulad sa mga nasakop na pilit pinagtatarabaho nang walang bayad. Binalaan din niya ang mga datu na huwag magpadala sa matatamis na salita ng mga Espanyol, dahil ibinigay rin ng mga Espanyol ang mga matatamis na salita sa mga lokal na pinuno sa ibang bansang sinakop subalit hindi naman nila tinupad ang kanilang pangako sa mga ito.



# *Pagyamanin*

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag ukol sa mga pananaw at paniniwala ng mga Sultanato tungkol sa kalayaan. Isulat ang **T** ito ay Tama at **HT** kung ito ay Hindi Tama tungkol sa pananaw at paniniwala ng mga sultanato tungkol sa kalayaan.

_____1. Para sa mga Muslim mahalaga na mapanatili ang kalayaan, lalo na sa aspekto ng relihiyon.

_____2. Hindi matatag at malakas ang mga sultanato ng mga Muslim ng madatnan ito ng mga Espanyol.

_____3. Masasayang lang ang kaunlaran, katatagan at kalayaan ng mga Muslim sa kanilang paniniwala, kung masailalim lang ang mga katutubong Muslim sa kapangyarihan ng mga Espanyol.

_____ 4. Sa ilalim ng kolonyalismo, tanging ang mga mananakop na Espanyol ang kikilalanin pinaka makapangyarihang pinuno ng bansa.

_____5. Natutupad ang mga pangako ng mga Espanyol, kung kaya't , Hinikayat ni Kudarat ang mga datu na kailangang paniniwalaan nila ang mga matatamis na salita ng mga ito.

# *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang patlang ng angkop na salita nasa loob ng kahon para mabuo ang kaisipan ng pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Kalayaan** | **Allah** | **Datu** | **Salat** |
| **Islam** | **Sultanato** | **Espanyol** | **Legazpi** |
| **Kudarat** | **kolonyalismo** | **Sultan** | |

1. ____________ ang pagdarasal ng limang beses sa isang araw ayon sa mga paniniwalang panrelihiyon ng mga Muslim.

2. Hinikayat ni ____________ na suriin ang mga pangkat na nagpasailalim sa mga Espanyol.

3. Para sa mga Muslim ang ____________ ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring paraan ng pamumuhay.

4. Sa ilalim ng ____________, tanging ang mga mananakop na Espanyol ang kikilalaning pinaka makapangyarihang pinuno ng bansa.

5. Ang pagsamba ni ____________ ang umiinog sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga Muslim.


6. Malakas ang loob ng mga ____________ na labanan ang mga Espanyol dahil sa mabuting ugnayan nila sa Brunei at Indonesia.

7. Para kay kudarat hindi dapat maniwala sa mga matatamis na salita ng mga ____________.

8. Ipinaliwanag ni kudarat sa mga ____________ ang kapalaran nila ay matutulad sa mga nasakop na pilit pinagtatrabaho nang walang bayad.

9. Mahalaga sa mga Muslim ang ____________.

10. Ang ____________ ay higit na katanggap-tanggap ng mga Muslim kaysa kolonyalismo.



# *Isagawa*

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at ayusin ang mga titik sa loob ng kahon para makabuo ng tamang sagot. Isulat ang nabuong salita sa bakanteng kahon.

1. Mahalaga ito sa mga Muslim.

   | ANYAALKA | |
   |---|---|

2. Ito ay isang paraan din ng pamumuhay.

   | MASLI | |
   |---|---|

3. Higit ito na katanggap-tanggap kaysa kolonyalismo.

   | OTNAATLUS | |
   |---|---|

4. Pagdarasal ito ng limang beses sa isang araw.

   | TAASL | |
   |---|---|

5. Sa pamahalaang ito tanging ang mga mananakop ang kinilalang pinakamakapangyarihang pinuno ng bansa.

   | LISAYNOLOKOM | |
   |---|---|

6. Sa kanya umiinog ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga katutubong Muslim.

   | HLALA | |
   |---|---|

7. nagtalumpati si Kudarat.

   | UTAD | |
   |---|---|

8. Hindi sila marunong tumupad sa kanilang pangako.

   | LONYPASE | |
   |---|---|

9. Ipinaliwanag niya sa mga datu ang mangyari sa kanilang kapalaran kung sakali mapasailalim sila sa kolonyalismong pamahalaan.

   | ATKDUAR | |
   |---|---|

10. Isa ito sa mga bansa na may mabuting ugnayan sa mga Pilipinong Muslim.

   | AIONIDENS | |
   |---|---|

# *Tayahin*

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang titik ng napiling sagot. Isulat ang titik sa patlang sa labas ng bawat bilang.

_____1. Ano ang mahalaga at dapat mapanatili para sa mga Katutubong Muslim?

A. Kalayaan C. Kalakalan
B. Kamatayan D. Kaguluhan

_____2. Ayon sa paniniwalang panrelihiyon ng mga Muslim, ilang beses silang magdarasal sa loob ng isang araw?

A. 20 C. 10
B. 15 D. 5

_____3. Anong uri ng Sultanato ang nadatnan ng mga Espanyol?

A. mahina at walang silbi
B. matatag at malakas
C. walang namamahal sa kanila
D. hindi makatarongan na pamahalaan

_____4. Kung masasailalim ang sultanato sa kapangyarihan ng mga Espanyol, ano ang masasayang?

A. Kalayaan sa paniniwala
B. Kawalan ng pundo sa pamahalaan
C. Buhay at ari-arian
D. pagkain at pananamit

_____5. Ano ang dahilan at higit na katanggap-tanggap ang sultanato kaysa kolonyalismo?

A. Sapilitang pinagpatrabaho ang mga Katutubong Muslim
B. Hindi sila sapilitang pinapasamba sa simbahan ng mga Kristiyano
C. Sapalilitan silang pinapakain ng baboy
D. Hindi sapilitang ipinasailalim sa kapangyarihan ng sultan ang dating datu at raja

_____6. Sa ilalim ng kolonyalismo sino ang kinikilalang pinakamakapang-yarihang pinuno ng bansa?

A. mga matatapang na mga katutubo
B. mga kubrador ng tributo
C. mga mananakop na mga Espanyol
D. mga mandirigma

_____7. Ito ang dahilan kung bakit huwag magpadala sa matatamis na salita ng mga Espanyol ang mga datu ayon kay Kudarat.

A. Hindi marunong tumupad sa pangako ang mga Espanyol
B. Marunong tumupad sa kanilang salita ang mga dayuhan
C. Hindi marunong magsalita ang mga datu at raja
D. Makuha lang sila sa tingin.

**B. Gawin ang gawain sa ibaba para sa bilang 8 -10. Sundin lang ang panuto.**

***Panuto*:** Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa paksa sa ibaba.Isulat ang iyong paliwanag sa mga linya. Kung kulang ang mga linya maaaring gumamit ng karagadagang papel para sa sagot.

**Paksa: Mga Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato Tungkol sa Kalayaan**

| Rubrik sa Pagmamarka ng Sanaysay. | | |
|---|---|---|
| **PAMANTAYAN** | **Puntos** | **Nakuhang Puntos** |
| 1.Wasto ang impormasyong nakapaloob sa sanaysay. | 1 | |
| 2.Angkop ang mga panananaw at paniniwala ng mga sulatanato tungkol sa kalayaan ayon sa napag-aralan | 1 | |
| 3. Maayos ang daloy at organisasyon ng sanaysay | 1 | |
| **Kabuoang Puntos** | **3** | |

# *Karagdagang Gawain*

**Sagutin ang mga tanong sa ibaba.**

1. Ano ang nadatnan ng mga Espanyol sa paniniwala ng mga Muslim?

2. Anong uring pamahalaan ng mga Muslim ang nadatnan ng mga Espanyol?

3. Bakit hindi dapat pahintulutan na masailalim ng mga Espanyol ang mga Muslim ayon kay Kudarat?

# Susi ng Pagwawasto

### Subukin

### Pagyamanin

1. A
2. D
3. A
4. C
5. D
6. B
7. D
8. A
9. B
10. A

### Balikan

1. /
2. /
3. X
4. /
5. X

1. T
2. HT
3. T
4. T
5. HT

### Isagawa

1. Kalayaan
2. Islam
3. Sultanato
4. Salat
5. Kolonyalismo
6. Allah
7. Datu
8. Espanyol
9. Kudarat
10. Indonesia

### Tuklasin

1. Sultanato
2. Espanyol
3. Kalayaan
4. Islam
5. Kaunlaran

### Isaisip

1. Salat
2. Kudarat
3. Islam
4. Kolonyalismo
5. Allah
6. Muslim
7. Espanyol
8. Datu
9. Kalayaan
10. Sultanato

# *Tayahin*

*1. A*
*2. D*
*3. B*
*4. A*
*5.A*
*6. C*
*7. A*
*8.*
*9*
*10*

*Mahalaga sa mga Muslim na mapanatili ang kanilang kalayaan. Para sa kanila masasayang lang ang kaunlaran at katatagang tinatamasa ng kanilang Sultanatoat ang kalayaan nila sa paniniwala kung mapasailalim sila sa mga Espanyol.*